

PROLOGUE

“Huy!” ani Belle sa naiinip na tono. Waring natauhan mula sa pagkakatulala si Lainey nang ibaling niya ang tingin sa pinanggalingan ng tinig. Tatlong pares ng mga mata ang nakatingin sa kanya at pawang nakataas ang kilay ng mga ito.

Para silang mga oversize na batang babaeng nakaupo sa merry-go-round sa playground ng subdivision na tinitirahan nila.

“Ano na, are you coming with us or not?” tanong muli ni Rice. Nagpapasama ito sa kanilang mamili ng ilang gamit sa mall na dadalhin nito sa pag-alis sa susunod na buwan. Ito at ang kakambal nitong si Arn na kaibigan din nila ay magtutungo na sa Amerika upang doon na maghanap ng trabaho.

Muli niyang ibinalik ang tingin sa on-going construction ng bahay sa tapat ng kinaroroonan nila. Hindi pa iyon tapos, inilalagay pa lamang ang mga hollow blocks subalit may porma na ang bahay at habang tinititigan iyon ni Lainey ay nabubuo sa isip niya kung ano ang kalalabasan niyon kung ganap nang tapos.

“Hindi na siguro siya sasama, parang may balak siyang i-sketch ang bahay, eh.” Si Bea na ang tumugon para sa kanya.

Sa wakas ay sumagot siya, “Tama. Kayo na lang ang mag-mall, wala naman akong bibilhin doon, eh. Pero sasabay na rin ako sa inyo pauwi, kukunin ko lang ang mga gamit ko ’tapos i-drop n’yo

na lang ako ulit dito on your way to the mall.”

Natawa siya nang makitang nanulis ang nguso ni Rice na parang batang hindi pinagbigyan. “Come on, Lainey, sandali na lang ako dito uunahin mo pa iyang sketch mo.”

Isa-isang nagsibabaan ang mga ito mula sa merry-go-round, agad naman siyang sumunod at umabrisiete sa nag-e-emote na kaibigan. “Sus, ang drama nito. Meet ko kayo later sa bahay nina Brad, promise.” Ang binatang nabanggit ay ang kasintahan nito na kaibigan din nila. Madalas ay sa bahay nito at ng kapatid nitong si Bea sila nagtitipong magkakaibigan.

Matapos magpaalaman ay iniwan na rin siya ng mga kaibigan. Habang nakaupo sa isang picnic table sa playground, abalang-abala si Lainey sa pagguguhit at hindi na niya namalayan ang lalaking nakatayo sa likuran niya. Nang magsalita ito ay saka lamang niya napansin ang presensya nito.

“May talent ka, Hija. Halos ganyan nga ang kalalabasan niyang bahay kapag natapos na.”

Nang iangat niya ang ulo para tingnan kung sino ang usisero sa tabi niya, isang nakangiting lalaking nasa early fifties ang nakatingin sa kanya.

Matipid na ngiti ang itinugon ni Lainey rito. Sumenyas ito na animo ay nagtatanong kung maaari ba itong maupo sa tabi niya. While she contemplated the issue, the man patiently waited for her answer as though he had nothing better to do with his time.

Marahang tango ang itinugon niya nang mapagdesisyunan niyang mukhang harmless ito. Nang nakaupo na ay kinuha nito mula sa kamay niya ang sketch book niya. Itinuro nito sa kanya kung ano ang mga munting ipagkakaiba ng bahay sa sketch niya at sa actual na hitsura nito kapag tapos na ito.

Matagal silang nagkakuwentuhan ng matanda at sa sandaling pakikipag-usap nito sa kanya ay nahalata agad ni Lainey na wiling-wili ito sa pakikipaghuntahan sa kanya. Ito pala ang arkitekto at ang nagmamay-ari ng architectural firm na naatasang gawin ang bahay na iyon.

Dalawang oras pa ang lumipas bago sila naghiwalay ng matanda. Ibinigay pa nito sa kanya ang calling card nito at inanyayahan siyang bumalik sa susunod na linggo dahil naroon daw itong muli at may kung ilang mga proyekto pa raw itong nakalinya sa subdivision na iyon.

Nakagaan niya ito ng loob at sa tuwing maluwag ang schedule niya ay nakagawian na niyang sumilip sa mga sites na malapit lamang sa kanila. Napakaraming bagay siyang natutunan dito. Kinalaunan ay nalaman niyang kaya pala ito nasisiyahan sa tuwing kasama siya ay dahil ang apat na babaeng anak nito ay wala na sa poder nito, maging ang bunsong anak nitong lalaki. Hindi na siya nagulat nang hilingin nitong 'Daddy Manny' na ang itawag niya rito.